
# Pagkakaroon ng Espirituwal na Momentum sa pamamagitan ng Doctrinal Mastery




Ipagpalagay na ikaw ang nagbibisikleta, at kinakatawan ng daan ang iyong buhay. Maaari mong mapansin na patag ang unang bahagi ng iyong daan, ngunit pagkatapos ay mahaharap ka sa mga balakid at dalisdis na nangangailangan ng mas malaking pagsisikap upang malampasan ang mga ito. Isipin ang espirituwal na momentum na kinakailangan mo upang matagumpay na makasulong sa buhay at malampasan ang mga balakid at hamon na maaari mong maranasan.

Pag-aralan ang mahahalagang parirala ng banal na kasulatan ng doctrinal mastery na natututuhan mo, at maghanap ng mga passage na may kaugnayan sa iyong personal na paglalakbay. Sa tabi ng mga katugmang numero sa iyong drowing, isulat ang reperensya sa isang doctrinal mastery passage na nakatulong o maaaring makatulong sa iyo:

1. Panatilihin ang espirituwal na momentum at progreso sa araw-araw.
2. Iwasan o daigin ang isang balakid nang may pananalig at kumilos ayon sa katotohanang itinuturo ng passage.
3. Humugot ng lakas sa Tagapagligtas at kumilos upang makamit ang iyong mga espirituwal na mithiin.

Para sa bawat doctrinal mastery passage na pinili at isinama mo sa iyong drowing, isulat ang mga naiisip mo tungkol sa kahit isa sa mga sumusunod na ideya:

- Isang karanasan kung kailan nadama mo ang katotohanan at kahalagahan ng doctrinal mastery passage.
- Paano mo mas maipamumuhay ang doktrina o alituntunin ng passage.
- Sa palagay mo, bakit pagpapalain ka ng kapangyarihan ng Tagapagligtas at madaragdagan ang iyong espirituwal na momentum dahil sa passage na ito.
- Paano pinag-iibayo ng doktrina ang iyong pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_385-teacher_handout-1